Ang Mundo ay bilangguan ng mananampalataya at Paraiso ng tagatangging sumampalataya."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang Mundo ay bilangguan ng mananampalataya at Paraiso ng tagatangging sumampalataya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang buhay sa Mundo para sa mananampalataya ay gaya ng bilangguan dahil sa pagkapanatili niya sa mga pagkaatang ng tungkuling pambatas gaya ng paggawa ng ipinag-uutos at pagwaksi ng pinangingilagan. Kaya kapag namatay siya, napapahinga siya mula rito at babalik siya sa inihanda ni Allāh (napakataas Siya) na kaginhawahang mamamalagi. Ito naman para sa tagatangging sumampalataya ay gaya ng Paraiso dahil siya ay gumagawa rito ng bawat ninanasa ng sarili niya at ipinag-uutos sa kanya ng pithaya niya. Kaya kapag namatay siya, babalik siya sa inihanda ni Allāh (napakataas Siya) sa Araw ng Pagbangon na mamalaging pagdurusa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3584